Bay Area Air District

MAG-APPLY PARA SA

People's Air Grant

HANGGANG $400,000 BAWAT ORGANISASYON SA LOOB NG DALAWANG TAON

Tatanggap ng mga application nang hanggang Mayo 29, 2026, nang 5:00 p.m.

Nilalayon ng Distrito ng Hangin na mamahagi ng pondo sa mga proyekto sa mga apektadong komunidad para mabawasan ang pagkakalantad sa polusyon sa hangin at matugunan ang mga epekto sa kalusugan ng publiko.

$3 milyon sa kabuuan ang magiging available para sa Programa ng Air Grant sa Taong-Bayan (People's Air Grant).* Ang pinakamataas na halaga para sa isang indibidwal na grant ay $400,000 sa loob ng dalawang taon. Makakakuha ang mga kwalipikadong proyekto ng anumang kombinasyon ng mga sumusunod:

- **Magbigay ng kaalaman** tungkol sa mga epekto sa kalusugan ng polusyon sa hangin at mga inisyatiba sa pagbabawas ng polusyon
- **Magsagawa ng pagsubaybay sa kalidad ng hangin na pinapangunahan ng komunidad**
- **Suportahan ang mga pinagkukunan at serbisyong pangkalusugan** para sa mga taong nakakaranas ng mga epekto sa kalusugan na nauugnay sa pagkakalantad sa polusyon sa hangin
- **Magpatupad ng mga programang** idinisenyo para bawasan ang polusyon sa hangin o pagkakalantad rito para mabawasan ang mga hindi magandang resulta sa kalusugan

Hinihikayat na mag-apply ang mga grupo sa komunidad, lokal na nonprofit na organisasyon sa ilalim ng 501(c)(3), mga pampublikong ahensya, at Mga Tribo ng Native American sa California na nagseserbisyo sa mga komunidad ng Bay Area para sa katarungan sa kapaligiran.

Para mag-apply:

Pumunta sa **baaqmd.gov/peoplesairgrant** para sa mga alituntunin at impormasyon sa application. Dapat maisumite ang mga application bago ang **5:00 p.m. Pacific Time sa Biyernes, Mayo 29, 2026.**
May Mga Tanong? Makipag-ugnayan sa peoplesairgrant@baaqmd.gov.

***Ang pondo ay hindi galing sa pondo mula sa mga multa ng Distrito ng Hangin.**